# Alamin ang tungkol sa Ulat sa Equity

California School DASHBOARD

**Toolkit ng 2025 Dashboard**

## Ang pagkakapantay-pantay ang pinakasentro ng sistema ng pananagutan sa California.

Tinutukoy ng Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ang mga agwat sa pagganap ng mga grupo ng mag-aaral sa pamamagitan ng Ulat sa Equity na ito, na available para sa bawat pagsukat ng estado. Makikita sa mga ulat na ito ang tagumpay at hamon na nararanasan ng mga opisina, distrito, at paaralan sa county sa pagtugon sa mga pagkakaiba. Itinatampok din nila ang mga paaralang nagpapatupad ng mga magagandang kasanayan na tumutulong para mapaliit ang agwat ng pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo ng mag-aaral.

Iniuulat ng Dashboard ang pagganap para sa 14 na grupo ng mga mag-aaral. Ang Ulat sa Equity ay nagpapakita ng bilang ng pangkat ng mag-aaral na inilagay sa bawat Antas ng Pagganap (o kulay) para sa isang partikular na pagsukat ng estado. Tandaan na dahil ang Tagapagpahiwatig ng Pagsulong ng Nag-aaral ng Ingles ay naglalaman lang ng dalawang grupo ng mag-aaral (ito ay ang mga Nag-aaral ng Ingles at Pangmatagalang Nag-aaral ng Ingles [Long-Term English Learners, LTELs]), walang Ulat sa Equity ang pagsukat na ito ng estado. Tanging ang pagganap ng grupo ng mga mag-aaral na LTEL lang ang iniulat sa bahagi ng Ulat sa Equity.

Makikita ang Ulat sa Equity sa bandang ibaba ng lahat ng mga Card ng Tagapagpahiwatig ng Dashboard. Ipinapakita ng Ulat sa Equity na ito na isang grupo ng mga mag-aaral ang nakatanggap ng Pula (pinakamababang pagganap), pitong grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Kahel, tatlong grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Dilaw, dalawang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Berde, at isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Asul (pinakamataas na pagganap).

**ULAT SA EQUITY**

**Bilang ng mga Grupo ng Mag-aaral sa Bawat Kulay**

| Pula | Kahel | Dilaw | Berde | Asul |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 7 | 3 | 2 | 1 |

Iniulat ng Dashboard ang mga partikular na grupo ng mga mag-aaral na kinakailangan sa *Kodigo ng Edukasyon* ng California Seksyon 52052(a)(2):

Lahi/Etnisidad:

- African American
- American Indian
- Asian
- Filipino
- Hispanic
- Pacific Islander
- White
- Dalawa o Higit pang Lahi

Paglahok sa Programa:

- Nag-aaral ng Ingles
- Pangmatagalang Nag-aaral ng Ingles
- May Kahirapang Pang-ekonomiya
- Kabataang Nasa Pangangalaga ng Gobyerno
- Mag-aaral na May Kapansanan
- Walang Tirahan

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard at Sistema ng Suporta ng Paaralan sa California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California.

Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.

Agosto 2025